# MUSIKA
## Ika-apat na Baitang
## Modyul 18

## URI NG TINIG



## ALAMIN MO

Ang tinig ang ginagamit natin sa pagpapahayag ng damdamin o kaisipan sa pamamagitan ng pagsasalita o pag-awit.

Ang elemento ng musika na tumutukoy sa uri ng tinig ay tinatawag na **timbre**.

Iba-iba ang timbre ng tinig sa pagsasalita at pag-awit. May tinig na:

| | | |
|---|---|---|
| mataas | manipis | mataginting |
| mababa | makapal | paos |



## GAWIN MUNA

1. Makinig ka sa mga tunog na nalilikha ng mga hayop sa paligid.

| Hayop | Tunog | Uri ng Tunog |
|---|---|---|
| baka | mooo – mooo - | mababa, makapal |



| Hayop | Tunog | Uri ng Tunog |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |






## PAG-ARALAN MO

A. Tinig na ginagamit sa Pagsasalita.
Pakinggan mo ang mga tinig ng kasama mo sa bahay. Ano ang katangian ng bawa't isa?

| | |
|---|---|
| 1. Tatay | a. manipis |
| 2. Ate | b. magaralgal |
| 3. Lolo | c. malaki |
| 4. Nanay | d. mataas |
| 5. Kuya | e. mababa |
| 6. Baby | f. matinis |

Ano ang pagkakaiba ng tinig ng babae sa tinig ng lalaki kung nagsasalita?



## ISAISIP MO

- Iba-iba ang uri ng tinig sa pagsasalita.
- Karaniwan, ang tinig ng babae ay matinis o maliit at mataas at ang tinig ng lalaki ay mababa at malaki.



## SUBUKAN MO

Sa Tinig na Ginagamit sa Pag-awit.


Makinig sa radyo o manood ng telebisyon. Itala mo ang mga mang-aawit na paborito mo at suriin ang uri ng kanilang tinig.



Itala mo sa tsart.

| Mang-aawit | Kasarian | Uri ng Tinig |
|---|---|---|
| 1. Sarah Geronimo | | |
| 2. Nora Aunor | | |
| 3. Jed Madela | | |
| 4. Regine Velasquez | | |
| 5. Willie Revillame | | |
| 6. Martin Nievera | | |

Ano ang masasabi mo sa timbre ng tinig ng babae at sa tinig ng lalaki sa pag-awit?



## TANDAAN MO

Sa pag-awit –

Karaniwan, ang tinig ng babae ay mataas at matinis.
Mayroon ding tinig ng babae na mababa.
Ang tinig ng lalaki ay malaki at mababa.
Mayroon ding tinig ng lalaki na mataas.




## GAWAING BAHAY

Pakantahin mo ang mga sumusunod at isulat mo kung anong uri ang tinig nila kapag umaawit.

| Umawit | Uri ng Tinig kapag Umaawit |
|---|---|
| Tatay | |
| Nanay | |
| Guro | |
| Lolo | |
| Lola | |
| Kaibigan | |
| Kuya | |
| Batang Kapatid | |





Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.